



| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | *Credits to the writer of this DLL* | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | MARCH 20-24, 2023 (WEEK 6) | Quarter: | 3RD QUARTER |





| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ang mga hakbang o panutong napakinggan.<br>Nakapagbibigay ng isang panuto.<br>Nakabubuo ng isang nakalarawang balangkas.<br>Nakagagawa ng nakalarawang balangkas upang maipakita ang nakalap na datos o impormasyon.<br>Nakasusulat ng isang talambuhay at orihinal na tula.<br>Nakagagawa ng isang suringpapel tungkol sa pinanood.<br>Napapahalagan ang wika at panitikan sa pamamagitan ng pagsali sa usapan at talakayan, paghiram sa aklatan, pagkukuwento , pagsulat ng tula at kuwento. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat and code ng bawat kasanayan** | **F6PN-IIIe19**<br>Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan. | **F6PS-IIIe-9**<br>Nakapagbibigay ng sariling solusyon sa isang suliraning naobserbahan. | **F6WG-IIId-f-9**<br>Nagagamit ang iba't ibang salita bilang pang-uri at pang-abay sa pagpapahayag ng sariling ideya. | **F6PT-IIIe-1.8**<br>Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at dipamilyar na salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan. | Nakasusulat ng ibang bahagi ng pahayagan ayon sa pangangailangan<br>**F6PU-III-e-2.2** |
| **II. NILALAMAN** | Pagbibigay Lagom o Buod ng Tekstong Napakinggan | Pagbibigay ng maaaring solusyon sa isang naobserbahang suliranin | Gamit ng pang-abay at pang-uri sa paglalarawan | Pagbibigay ng kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinag-gamitan. | Paggamit ng Iba't ibang Pahayagan ayon sa Pangangailangan |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. **Mga pahina ng Gabay ng Guro** | | | | | |
| 2. **Mga pahina ng Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| 3. **Mga Pahina sa teksbuk** | | Hiyas sa Pagbasa 4 pahina 21 | | | |
| 4. **Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resources (LR)** | | | | | |
| **B. Iba pang kagamitang panturo** | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Kapag nakakita ka ng langgam , ano ang ginagawa mo? Bakit ? May alam ka ba tungkol sa kanila ? | Saan matatagpuan ang mga paksang diwa? | Basahin ang usapan. Alamin ang mga pang-uri at pang-abay na ginamit.<br><br> | Bakit nailuklok sa pagiging pangulo si Atty. Rodrigo "Rody" Duterte? Ano naman ang kahulugan ng salitang pangulo? Ano naman ang kahulugan ng salitang nailuklok? | Ibigay ang salitang kaugnay ng sumusunod:<br>1. bansa<br>2. sasakyan<br>3. pagsusulit<br>4. sakit<br>5. aklat |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Sabihin sa mga bata na unawain ang lathalain . Magbibigay sila ng buod. "Bakit Hindi Naliligaw ang mga Langgam"<br><br>Sabihin ang pamantayan sa pagbasa.<br>Pagbasa ng guro.<br><br>Pagbasa ng lahat. | Pagpapakita ng larawan na nagpapakita ng pagtulong sa kapwa. | Ipabasa ang kwentong " ang Ati-atihan sa Kalibo Aklan | Ipakita ang dalawang larawan. (Larawan ng pangulo na siyang pinuno ng bansa at ang larawan ng leon ng siya naming hari ng kagubatan.)<br><br>Itanong: Ano ang maibibigay ninyong pananaw sa mga larawang ito? Anong katangian ang mayroong pagkakatulad ng dalawa? | Pagpapakita ng iba't ibang uri ng pahayagan.<br>Sino sa inyo ang nakagamit na ng mga ito?<br>Sa paanong paraan ito ginagamit? |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | <br>Bakit Hindi Naliligaw ang mga Langgam?<br>(ni Jojo Briones-Cruz)<br>1. Ang mga langgam, ay kung saan-saan napupunta sa pag-hahanap ng kanilang makakain. Pero kapag oras na para buma-lik sila sa kanilang lungga bumabalik sila sa nakakabilib na diretsong linya.<br>2. Kung paano sila nakakauwi mula sa pagkuha ng mga pagkain ay palaisipan pa rin sa mga siyentipiko. Ngayon ay ipinahihiwatig ng mananaliksik na German at Swiss na ang aspeto ng gawaing ito ay gawa raw ng matalas at malikhaing pagkilos. Nalaman nila na ang mga langgam kapag | Pagbasa sa kwentong "Kaligtasan ng mga Nangangailangan "(Hiyas sa Pagbasa 4, pahina 21)<br>**KALIGTASAN NG MGA NANGANGAILANGAN**<br>Ang pagtulong sa kapwa ay nagging ugali na ni Jacinta. Bawat pulubing lumapit sa kaniya'y kaniyang nililimusan. Madalas iniimbitahan niya ang mga batang | <br>Pamagat ng Kwento<br>Ang Ati-Atian sa Kalibo, Aklan<br>Taun-taon ay ginugunita ng mga naninirahan sa Aklan ang pagkaksundo ng mga Ati o Ita at mga Malayo.<br>Ang mga Ita ang unang naninirahan sa Panay bago dumating ang mga Malayo. Tumira naman sa kabundokan ang mga Ati. Mahirap ang mga Ati sa kabundokan. Samantala, umunlad naman ang buhay ng mga Malayo. Kaya nagalit sa kanila ang mga Ati. Nilusob nila ang mga Malayo. Matalino ang mga Malayo. Naglagay sila ng uling sa buong katawan. Katulad na rin sila ng mga Ati kaitim. Nakipag-usap sila nang maayos. Nagksundo ulit sila. Nagdiwang ang lahat. Masaya silang naglundagan at nagsayawan sa tuwa. Iyan ang ginugunita taon-taon kung pista ng Ati-atian. | Gawin Natin<br>Ipabasa sa mga bata ang mga pangungusap at bigyang pansin ang mga salitang may salungguhit.<br>Si lolo ang pupunta sa himpilan ng radio upang **magapsnwana.**<br>Ang payiong ay **natingay** ng malakas na hangin.<br>Si Lorna ay **matad** sa mga gawaing bahay. | <br><br><br><br><br> |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | <br>pinawalan sa patag na kalupaan ay nagsisimulang maghanap na distansiya mula sa kanilang lungga.<br>3. Pinag-aralan ng pangkat ni Sandra Wohlgemuth mula sa Humbolt University sa Berlin ang mga langgam sa disyerto ng Sahara at tinuturuang maglakad sa sa itaas at ibaba ng bundok para kumuha ng pagkain.<br>4. Ipinakikita nito na ang mga langgam ay may kakaibang uri ng odometer na nagtatala sa distansya ng lupa , imbes na ang kabuuang distansiya na nalakbay sa taas-babang terrain.<br>5. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang mga langgam ay posibleng mahulaan ang kanilang gagawing pagkilos sa iniisip nilang pahalang na daanan at pagkatapos naitatala ang distansiya ng lupa patungo sa kanilang lungga sa kapatagan.<br><br>Sagutin ang mga tanong na sumusund batay sa lathalaing binasa mo. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Bakit nagpunta kung saan-saan ang mga langgam?<br>2. Paano sila bumabalik sa kanilang lungga?<br>3. Paano pinag-aralan ng mga mananaliksik kung paano nakakauwi ang mga langgam?<br>4. Ano ang kinalabasan ng pagsasaliksik?<br>5. Ano ang posibleng nagagawa ng langgam? | mahihirap na makipaglaro sa kaniya.<br><br>Si Jacinta ay madasalin.Tuwing araw ng Linggo, siya ay nagsisimba. Pagkatapos, namimigay siya ng mga laruan, damit, at pera sa hanay ng mga pulubi. Napamahal si Jacinta as kaniyang mga kababayan.<br><br>Nakaugalian na ng mga tao na dalawin si Jacinta kung araw ng Pasko. Kakatok sila sa pintuan ng kaniyang tahanan at sila'y masayang patutuluyin at hahainan ng sari-saring pagkain.<br><br>Isang araw ng Pasko, sa kanilang pagtataka, walang sumasagot sa kanilang pagkatok. Umakyat ang mga tao sa kabahayan at laking gulat nila nang makitang nakahandusay sa sahig at wala nang buhay si Jacinta. Nalungkot at nag-iyakan ang mga tao sa sinapit ng kanilang idolong si Jacinta. | | Ang **palka** ng taong ito, hindi na nahiya.<br>Si Aling Merna ay **sanliyana** ng kanyang katulong. | |
| **D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Pagkatapos Magbasa<br>Sagutin ang mga tanong . Ikumpara ang sagot. Wasto ba ang inyong sagot? | Ano ang naging suliranin ng mga tauhan sa kwento?Anong solusyon ang maibibigay mo sa maraming pulubi? | Kailan ginugunita ng mga naninirahan sa Aklan ang pagkakasundo ng mga Ati o Ita at mga Malayo?<br>Ano ang masasabi mo sa mga Malayo?<br>Paano nila ipinagdiwang ng mga Ati at Malayo ang kanilang pagkakasundo?<br>Paano sumayaw ang mga Ati-atihan?<br>Ano ang masasabi mo sa kanilang kasuotan?<br>Ipatala sa pisara ang bawat sagot.<br>Ano-anong salita ang naglalarawan kung paano?kailan<br>Taon-taon Masaya magaling<br>Ano-anong salita ang naglalarawan sa pangngalan? | Gawin Ninyo<br>Ipabasa sa mga mag-aral ang mga pangungusap. Bigyang pansin ang mga salitang may salungguhit.<br>a. Nalihikan ako ng malamig na hangin. B. Ang mga bituin sa langit ay mikukindat sa atin.<br>c. Nahiya ang buwan at tananggo sa ulap.<br>d. Masusayaw ang mga dahon sa pag-ihip ng hangin.<br>e. Nagtago ang buwan sa kodil ng ulap. | Ipapaliwanag ng guro kung alin ang broadsheet, tabloid at magazines habang nasa harap nila ang mga uri ng pahayagan. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Kasuotan<br>Malayo<br>Ano ang tawag sa mga salitang ito? | | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | Gawin Mo<br>TAGUMPAY SA KABILA NG SAGWIL<br>Si Tessie Galasa ang bunso sa siyam na magkakapatid. Dalawa lamang silang magkapatid na nakapag-aral. Hindi kayang tustusan ng kanilang magulang ang pagpapaaral sa kanilang lahat. Ang kanilang karalitaan ay hindi nagging sagwil para kay Tessie. Nakapag-aral siya sa ilalim ng isang scholarship grant. Tatlong taong gulang lamang si Tessie nanag sinamang-palad siyang magkasakit at nalumpo. Habang siya ay lumalaki, sumisidhio ang kaniyang hinagpis at pagkaawa sa sarili. Ngunit natutuhan din niyang labanan ang damdaming ito.<br><br>Sa ginanap na Magnolia 10-Kilometers marathon on Wheels, nanalo si Tessie ng unang gantimpala sa karerang pambabae. Nanalo rin siya sa21 – kilometers wheel-a-thon. Noong 1982, tatlong medalyang ginto at isang medalyang pilak ang kaniyang napanalunan sa palarong languyang pandaigdig para sa mga may kapansanan. Ginanap ito sa Hong Kong. Dahil sa tibay ng kaniyang loob, nagtagumpay siya sa kabila ng sagwil sa kaniyang buhay. .<br>Sagutan ang mga tanong sa ibaba.<br>1.Ano ang paksa ng talong talata?<br>2. Ano ang suliranin ng tauhan? | Pagyamanin Mo<br>Alamin ang pagkakaiba ng gamit ng mga salitang may salungguhit.<br>Nagpahid sila ng makapal na uling.<br><br>Masayang naglundagan ang mga Ati.<br> | | Paano nagkakaiba-iba ang uri ng pahayagan ?<br>Magbigay ng halimbawa sa bawat uri ng pahayagan.<br>Paano mo ito iingatan?<br>Ano ang maari mong gawin matapos mo itong gamitin?<br>Mula sa pahayagan, magpapakita ang guro ng isang talata.<br>Babasahin ng mga bata, tukuyin ang mahahalagang detalye |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Anong nagging solusyon sa kanyang suliranin? | | | |
| **F. Paglinang ng Kabihasaan ( tungo sa Formative Assessment )** | Balikan ang lathalain. Bigyan ng buod o paiikliin ang talata 1 – 3.<br><br>Balikan natin ang lathalain. Bigyan pansin ang bilang na nakasulat sa unahan ng mga talata.<br>Paano mo paiikliin ang talata 1?<br>Ganito ba ang iyong sagot?<br>Ang langgam ay pumunta kung saan-saan at nakababalik sa lungga sa diretsong linya<br>Paano mo paiikliin ang talata 2:<br>Ganito rin ba ang sagot?<br>Ang kanilang pag-uwi sa lungga ay gawa raw ng matalas at malikhaing pagkilos.<br>Paano mo paiikliin ang talata 3:<br>Magkatulad ba tayo nang sagot?<br>Pinag-aralan ang mga langgam na tinuruang maglakad sa itaas at ibaba ng bundok. | b. Gawain Natin<br>Pumili ng lider na babasa ng kwento. Matapos mapakinggan, sagutan ang mga tanong.<br>ANG BATANG SI PULE<br><br>Mahirap ang mga magulang ni Apolinario Mabini kaya hindi nila kayang papag-aralin sa Maynila ang anak nila. Matalino pa naman si Pule, ang palayaw nila kay Apolinario Mabini. Ngunit sadyang nais ni Pule na matuto. Pumasok siyang utusan sa isang mayaman sa Maynila. Naglingkod din siya bilang isang klerk upang makapagpatuloy ng pag-aaral.<br>Dahil sa mga gawaing-bahay, malimit siyang mahuli sa kaniyang klase. Maaga siyang gumigising sapagkat nagluluto pa siya ng almusal, naghahain, at nagliligpit ng pinagkainan ng kaniyang pinaglilingkuran.<br>Walang pambili si Pule ng aklat kaya nakikibasa na lang siya. Kinokopya niya sa aklat ang mahahalagang bagay na dapat pag-aralan nang masinsinan.<br>Gayunpaman, palaging matataas ang marka ni Pule. Kaya hinahanganan siya ng kaniyang mga guro at kamag-aral.<br>1. Ibigay ang paksa ng bawat talata?<br>2. Ano ang naging suliranin ni Hermano Pule at ano ang naging solusyon sa kanyang suliranin? | Isulat kung pang-abay o pang-uri ang may salungguhit.<br><br>1. **Mainit** ang kape.<br>2. **Taimtim** siyang nanalangin.<br>3. **Masayang** ikinuwento ni Lisa ang kanyang karanasan.<br>4.Naglagay ako ng **sariwang** bulaklak sa plorera.<br>5.Totoong **mabagal** maglakad ang pagong | Gawin Mo<br>Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salitang di-pamlyar (Maaring kasagutan)<br>Nahilikan = hinalikan – nadadama ang malamig na hangin<br>Mikukindat = kumikindat – kumikinang o nagliliwanag ang mga bituin sa langit Tananggo= nagtago – nasa likod ng kaulapan<br>Masusayaw = sumasayaw – gumagalaw ang dahon sa pag-ihp ng hangin | Gawin Ninyo (Pangkatang Gawain)<br>Isulat ang mga impormasyon/nilalaman ng bawat pahayagan.<br>1. broadsheet - ____________________________________________________________<br>__ 2. tabloid - ____________________________________________________________<br>___<br>3. magazine - ____________________________________________________________<br>___ |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | Paano naunawaan ng siyentipikong si Sandra Wolhlgemuth ang gawi ng mga langgam? Naisulat din ito ni Jojo Briones – Cruz , paano niya naisulat ang lathalaing ito? Mahilig ka ring bang magbasa ,? Kaya mo rin na makasulat ng ideya o buod sa mga nababasa at naririnig mong mga impormasyon. | Bumuo ng 2 pangkat, babae at lalaki, bigyan ng metacards at ibigay ang paksa/ suliranin at nagging solusyon sa suliranin. | Gumawa ng talata tungkol sa taong nagtagumpay sa buhay. Salungguhitan ang mga pang-uri at bilugan ang mga pang-abay. | Paano mo makukuha ang kahulugan ng salitang pamilyar at di pamilyar?<br>Dapat bang bigyan ng pansin ang kayarian ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar? | Saang pahayagan mo titingnan kung ikaw ay nangangailangan ng sumusunod:<br>1. Paghahardin at pag-aayos nito<br>2. Stock Exchange<br>3. Balitang Probinsya<br>4. Nalalaman kung saan nakaburol ang patay<br>5. Mga resipi ng pagluluto |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | <br>Ang bawat talata ng sanaysay o kuwento ay maaaring mapaikli o mabigyan ng buod, sapagkat ang buod nito ay ang kabuuang nilalaman ng iyong binasa. Nagsasaad ito ng pangunahing ideya ng talata. | Paano ninyo naibigay ang paksa ng bawat talata sa kwento? Naibigay ang solusyon sa bawat suliranin? | <br><br><br> | Paano natin malalaman ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar? Bibigyan ba nating pansin ang kayarian nito? | Anu-ano ang uri ng pahayagan?<br>Magbigay ng halimbawa |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Gamit ang binasang lathalain.<br><br>O, kaya mo na bang magbigay ng buod ng talata sa seleksyon? Balikan mong muli ang iyong binasa. Isulat mo sa sagutang papel ang buod ng:<br>talata 4: __________<br>talata 5: __________ | Makinig sakwentong babasahin ko. Ibigay ang paksa nito, ang inilahad na suliranin at ang solusyon nito.<br>**Emilio Aguinaldo**<br>Hindi nabakas sa kabataan ni Emilio Aguinaldo na siya ay magiging pangulo ng Pilipinas. Ang kanyang ama ay naging gobernadorcillo ng Kawit, Cavite. Walang pambihira sa kanyang record sa pag-aaral. Natuto siya ng alpabeto sa bahay. Nagtapos siya ng elementary sa paaralang bayan ng kawit. Nagtapos siya ng sekondarya sa San Juan de Letran. Huminto siya ng pag-aaral sa kolehiyo. Umiwas siya na maglingkod sa sandatahang lakas. Tinulungan siya ng kanyang ina upang siya ay maging cabesa de barangay. Naging negosyante siya.Namili siya ng tela at mga | Isulat kung pang-uri o pang-abay ang gamit ng mga salitang may salungguhit.<br>1. Matibay ang lubid na ginamit ni Ambo.<br>2. Mahusay sumalo ng bola si Jose.<br>3. Masayang naglaro ang mga bata.<br>4. Mapalad ang mga batang Pilipino.<br>5. Malakas ang ulan kagabi. | Hanapin ang salitang pamilyar o di-pamilyar sa bawat pangungusap, ibigay ang kahulugan nito.<br>1.Ang mga mata mo ay tulad ng mga binuti.<br>2.Kasingkintab ng diyateman ang iyong mga luha.<br>3.Ang iyong labi ay tila sasro sa pula<br>4.Ang kanyang kagandahan ay mistulang bituing nagniningning.<br>5.Ang mga kamay mo ay kasing kinis ng late. | Magbigay ng halimbawa sa sumusunod na pahayagan:<br>1. broadsheet<br>2. tabloid<br>3. magazines |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | yaring produkto.Ipinamalit niya ang mga ito ng prutas, gulay, baboy at manok. | | | |
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** |  **Basahin mo ang talata. isulat mo sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang buod dito.**<br>1. Isang umaga, dinala ni Bb. Lopez ang kanyang mga mag-aaral sa isang dairy farm. Ginamit nila ang sasakyan ng paaralan at nanatili sila doon hanggang tanghali. Nagdala ang mga bata ng baon at binigyan naman sila ng libreng gatas sa dairy farm.<br>a. Nagdala ang mga bata ng baon at binigyan sila ng libreng gatas.<br>b. Dumalaw ang mga mag-aaral sa isang Dairy Farm at nabigyan sila ng libreng gatas.<br>c. Si Bb. Lopez at kanyang mga mag-aaral ay namasyal. | | | Magtala ng limang (5) salitang di-pamilyar. Gamitin ang mga ito sa pangungusap | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |